



TUKUYIN AT BAWASAN
ANG MGA NAKAKALASON
NA EMISYON



PROTEKTAHAN
ANG KALUSUGAN
NG PUBLIKO



SUMUNOD SA MGA
REGULASYON NG ESTADO
SA NAKAKALASON
SA HANGIN

PANUNTUNAN 11-18

Pag-unawa sa mga Pagtasa ng Panganib sa Kalusugan

PAGPROTEKTA SA MGA KOMUNIDAD NG BAY AREA MULA SA NAKALALASONG POLUSYON SA HANGIN

Ano ang Pagtanda ng Panganib sa Kalusugan?

Ang **Pagtanda ng Panganib sa Kalusugan (Health Risk Assessment, HRA)** ay sinusuri ang mga potensyal na panganib sa kalusugan mula sa pagkakalantad sa mga nakalalasong polusyon sa hangin na inilalabas ng mga pasilidad tulad ng mga refinery, metal finisher, at mga auto body shop.

Tinutulungan tayo ng mga HRA na maunawaan kung paano maaaring makaapekto ang mga emisyon mula sa mga pang-industriyang pinagmumulan sa kalusugan ng mga kalapit na residente, manggagawa, at mga sensitibong populasyon — lalo na sa mga komunidad na labis na naapektuhan nito.

Bakit Kinakailangan ng Distrito ng Hangin ang mga HRA sa Ilalim ng Panuntunan 11-18?

Kinakailangan ng Distrito ng Hangin ang mga HRA bilang bahagi ng aming **Programa sa Pagbabawas ng Panganib sa Pasilidad** ng Panuntunan 11-18 upang:

- Tukuyin at bawasan ang panganib sa kalusugan
- Protektahan ang kalusugan ng publiko, lalo na sa mga komunidad na hindi proporsyon na naapektuhan ng polusyon sa hangin
- Sumunod sa mga regulasyon ng estado tungkol sa mga nakalalasong hangin

Kailan Kinakailangan ang HRA?

Kinakailangan ang HRA kapag nag-ulat ang isang pasilidad ng mga emisyon na maaaring magdulot ng mataas na panganib sa kalusugan, batay sa mga imbentaryo ng datos ng mga nakalalasong hangin.

Paano Gumagana ang Proseso ng HRA sa Ilalim ng Panuntunan 11-18?

1. Pag-update ng Imbentaryo ng mga Emisyon ng Pasilidad

Sinusuri at isinasapinal ng Distrito ng Hangin ang mga detalyadong imbentaryo ng mga nakalalasong hangin taon-taon.

2. Pagtiyak sa Score sa Pagbibigay ng Prayoridad

Tinutukoy ng Distrito ng Hangin ang score para sa bawat pasilidad batay sa mga imbentaryo ng emisyon, na nagraranggo sa mga pasilidad ayon sa antas ng mga nakalalasong hangin na inilalabas ng mga ito.

3. Kinakailangan ang HRA Batay sa Score sa Pagbibigay ng Prayoridad

Kung isinasaad ng score sa pagbibigay ng prayoridad ang potensyal para sa mataas na panganib sa kalusugan, maaari kaming mangailangan ng isang buong HRA.

4. Pagsasagawa ng HRA at Pagsusuri ng Publiko

- Ginagamit ang mga aprubadong pamamaraan at modelo upang tantyahin ang mga panganib sa kalusugan na may kaugnayan sa kanser at hindi kanser para sa mga kalapit na residente, manggagawa, at mga sensitibong populasyon.
- Maaaring suriin at magbigay ng komento ang publiko sa mga HRA.
- Ang Distrito ng Hangin ang nagsasapinal ng mga HRA.

5. Pagbabawas ng Panganib at Pagsusuri ng Publiko

- Kung ang panganib ay katumbas ng o higit pa sa mga antas ng aksyon sa panganib, dapat gumawa at magpatupad ang mga pasilidad ng Plano sa Pagbabawas ng Panganib.
- Maaaring suriin at magbigay ng komento ang publiko sa mga Plano sa Pagbabawas ng Panganib.
- Dapat suriin at aprubahan ng Distrito ng Hangin ang mga Plano sa Pagbabawas ng Panganib.

Ano ang Mangyayari kung ang isang Pasilidad ay Magdudulot ng Mataas na Panganib?

Kung ang isang HRA ay nagpapakita ng mga panganib na **katumbas ng o higit pa sa mga antas ng aksyon sa panganib**:

- Dapat magsumite ang pasilidad ng **Plano sa Pagbabawas ng Panganib**.
- Maaaring suriin at magbigay ng komento ang publiko sa plano.

- Dapat aprubahan ng Distrito ng Hangin ang plano.
- Dapat bawasan ng pasilidad ang mga emisyon sa loob ng 5 taon.*

Malinis na Hangin para sa Lahat (Clean Air for All)

Inuuna ng Distrito ng Hangin ang pagsusuri ng mga pasilidad na malapit sa mga paaralan, tahanan, at sa mga komunidad na hindi proporsyon na naapektuhan ng polusyon sa hangin. Narapat ang lahat na magkaroon ng malinis na hangin at maayos na kapaligiran — saan ka man nakatira.


Saan Ako Maaaring May Malaman Pa o Makilahok?

Bisitahin ang aming **Listahan ng Pagbabawas ng Panganib sa Pasilidad** upang makita ang:

- Mga pasilidad na sakop ng Panuntunan 11-18
- Katayuan ng pagpapatupad ng panuntunan kabilang ang mga HRA at Mga Plano sa Pagbabawas ng Panganib
- Ang mga oportunidad para sa komento ng publiko ay makikita sa baaqmd.gov/11-18-facilities

* Maaaring magbigay ng 5 taong palugit ang Distrito ng Hangin.

Tagal ng Proseso ng **Panuntunan 11-18** para sa isang Karaniwang Pasilidad




Tinatayang Tagal ng Proseso (Mga Taon)



= Ipinapaskil ang mga draft para sa komento ng publiko

Flow Chart ng Proseso ng **Panuntunan 11-18**



* maliban sa emergency na diesel engine lang o pasilidad lang na nagdi-dispense ng gasolina

** Maaari ring magsagawa ang AD ng HRA

 = Ipinapaskil ang draft para sa komento ng publiko